
# JUAN ARMY

ANG OPISYAL NA LATHALAIN NG ARMY TRANSFORMATION ROADMAP [ATR]

JULY TO DECEMBER 2021

VOLUME 18 ISSUE 2




03 NAPAPANAHONG TUGON SA PANIBAGONG HAMON NG KASALUKUYANG HENERASYON
*91st Infantry Battalion, 7ID*



05 TULAY SA MASA SA PAMAMAGITAN NG PARTICIPATORY PEACE CAMPAIGN (PPC)
*3rdCMO Battalion, 3ID*



07 KAGULUHA'T KAHIRAPAN TALIKURAN PARA SA BAYAN
*80th Infantry Battalion, 2ID*



13 SANDIWA Troopers: PAG-ABOT SA LAYUNUN NG UNIT
*85th Infantry Division, 2ID*

JUAN ARMY

ANG OPISYAL NA LATHALAIN NG ARMY TRANSFORMATION ROADMAP (ATR)


EDITORIAL BOARD

COL JOEL M PALOMA GSC (INF) PA
Chief, AGSMO
*Chairperson*

COL PATRICIO RUBEN E AMATA GSC (INF) PA
AC of S, G7
*Vice Chairperson*

COL ARVIN R LAGAMON GSC (INF) PA
COL XERXES A TRINIDAD GSC (INF) PA
*Members*

LTC CARLO A FERRER GSC (INF) PA
*Secretary*

EDITORIAL STAFF

LTC CARLO A FERRER GSC (INF) PA
*Editor-in-Chief*

LTC ARIEL A CABATBAT (MI) PA
*Managing Editor*

LTC RONALD A FIDELINO (QMS) PA
*Circulation Manager*

HYRBE C TUAZON
*Associate Editor*

PAUL EPHRAIM LOPEZ
*Copy Editor*

DIXIE JOY S FERNANDEZ
HYRBE C TUAZON
*Graphic Designer/Layout Artist*


# ANG MGA NASA PAHINA


NAPAPANAHONG TUGON SA PANIBAGONG HAMON NG KASALUKUYANG HENERASYON

TULAY SA MASA SA PAMAMAGITAN NG PARTICIPATORY PEACE CAMPAIGN (PPC)

KAGULUHA'T KAHIRAPAN TALIKURAN PARA SA BAYAN

SANDIWA Troopers: PAGABOT SA LAYUNUN NG UNIT

ANG TUNAY NA KAPAYAPAAN SA PAGGAMIT NG EO 70 SA PROBINSYA NG ABRA AT ILOCOS NORTE


LAANG KAWAL: KAAGAPAY SA KAUNLARAN AT KAPAYAAN


*Sa muling pagdaos ng ika-syam na taon ng Army Transformation Roadmap patungo sa minimithing world-class Army ng 2028, ang inyong* **JUANARMY** *ay nanatili sa pagbibigay kaalaman at impormasyon sa mga makabuluhang hakbang ng ating hukbong sandatahan patungo sa maunland at mapayapang bayan.*

*Sa kabila ng nagbabago at makabagong mga hamon, pagsubok, at panganib na ating kinakaharap sa nakaraang mga taon, patuloy ang bawat unit, opisina, indibidwal na kasapi ng Hukbo sa pagpanday ng tunay at mabuting pamamahala at serbisyo dulot ng Army Transformation Roadmap. Kung kaya't sa bawat mambabasa, patuloy nating ipahayag ang kwento bawat sundalong Pilipino, ang kwento ng tapat na pagbabago.*

Ang JUANARMY ang opisyal na lathalain ng Army Transformation Roadmap (ATR) na nililimbag ng Headquarters, Philippine Army at pinangangasiwaan ng Army Governance and Strategy Management Office (AGSMO). Upang matugunan ang mga layunin ng ATR na pagtibayin ang ugnayan ng mga sundalo sa publiko; ipabatid ang imahe ng Philippine Army na nagpapakita ng karangalan, katapatan, at katungkulan; at maging isang propesyonal na Army na suportado ng tao, ang JUANARMY ay nagsisilbing instrumento sa paglimbag ng mga istorya, imahe, at komentaryong naglalarawan ng isang nagbabagong Philippine Army. Ngunit hindi lamang ninanais ng lathalaing ito ang paglaganap ang ATR. Sabay sa mga repormang naihahatid ng ATR sa organisasyon, layunin din ng JUANARMY na tumulong sa adbokasiya ng gobyernong ipanday ang tunay na pagbabago sa pamamahala.

atr 2028



# NAPAPANAHONG TUGON SA PANIBAGONG HAMON NG KASALUKUYANG HENERASYON

Karaniwang suliranin ng maraming bansa sa buong mundo ay ang pagtugon sa umiiral na insurhensiya sa kaniya-kaniyang mga nasasakupan. Insurhensiya na kung saan dulot ng mga maling idolohiya na pinaigting ng ibat-ibang suliraning panlipunan partikular na sa mga isyung sosyal, politikal, ekonomikal at marami pang iba. Dagdag pa sa mga nabanggit ang napapanahong problema na kinakaharap ng buong mundo sa ngayon- ang isyung pangkalusugan na kung tawagin ay COVID-19 pandemic. Lahat ng mga isyung nabanggit ay ginangamit bilang propaganda ng mga makakaliwang grupo upang linlangin ang kaisipan ng ating mga kapwa Pilipinong mamamayan at imulat sa mga maling aral at paniniwala nang sa gayun ay mahimok silang sumampa sa armadong kilusan.

Kaya bilang tugon ng ating pamahalaan ay bumuo ang ating mahal na Pangulong Rodrigo Roa Duterte ng National Task Force na ang tanging mandato ay matuldukan na ang Komunistang Armadong Pakikibaka sa ating bansa. Nakasaad sa Executive Order ng pangulo ang pag-iinstitutionalized ng 'Whole-of-the-Nation' approach bilang isang polisiya na naglalayong wakasan na ang bakbakan sa pagitan ng Gobyerno ng Pilipinas at ng Bagong Hukbong Bayan o NPA upang magkaroon ng ganap na kapayapaan ang ating bansa.

Gayundin, nakasaad sa nasabing kautusan ang layunin nitong unahin at ayusin ang pamahagi ng mga pangunahing serbisyo at mga programang may kinalaman sa pagpapaunlad ng lipunan sa lahat ng mga apektadong komunidad sa bansa. Isa sa pinakamagandang layunin ng nasabing kautusan ang paghihimok ng partisipasyon ng lahat ng mga sektor ng lipunan para makamit ang layuning pangkapayapaan ng ating pamahalaan

Kaya bilang isa sa mga ahensiyang may malaking gampanin sa usaping pangkapayapaan at pangseguridad, ang 91st Infantry (SINAGTALA) Battalion, 7th Infantry (KAUGNAY) Division, Philippine Army ay katuwang ng pamahalaan bilang mandato ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas ang pagsusumikap nitong maprotektahan ang sambayanan laban sa anumang banta ng mga kaaway.

Ang SINAGTALA Battalion ay sadyang kaisa ng pamahalaan sa adhikain nitong wakasan ang insurhensiya sa buong kapuluan. Ilan lamang sa mga mahahalaga at makabuluhang pagsisikap ng yunit ay ang patuloy na pagsasagawa ng operasyong pang-militar, pagpapanatili ng magandang ugnayan sa lahat ng mga stakeholders; palagiang pakikipagtulungan sa lokal na pamahalaan at mga opisyal sa maayos na pagpapatupad ng mga panukala at ordinansa sa pagsugpo ng kaso ng COVID-19; pagsasagawa ng COVID checkpoint operation; pagsulong ng mga makabuluhang proyekto at programang pangkabuhayan na naglalayong iangat ang antas ng pamumuhay ng ating mga kababayan sa tulong ng ibat-ibang mga ahensiya ng pamahalaan; aktibong partisipasyon sa mga proyektong pangkapaligiran; pinaigting na operasyon laban sa mga ilegal na gawain gaya ng anti-illegal logging, anti-illegal mining at anti-illegal drug operations; pagsasagawa ng security patrols upang tiyakin ang kaligtasan at kaayusan ng mga CIIPSO projects; at higit sa lahat ang pagpapanatili ng kaayusan sa lahat ng nasasakupan katuwang ang ating mga kapulisan.




Isang natatanging inisyatibo ng yunit ay ang pagkakaroon nito ng tinatawag na ‘Monitoring and Evaluation Team’ para sa mga dating mga rebelde at People’s Organization (POs) na naglalayong tulungan ang ating mga benepisyaryo sa pamamagitan ng sustenabling stratehiya at kaparaanan upang mapanatiling produktibo ang ilulunsad na programang pangkabuhayan para sa kanila. Sa ganitong paraan, makikita ng lahat lalong-lalo na ng mga rebelde ang sensiridad ng ating pamahalaan na mabigyan ng tamang serbisyo at paglilingkod ang mga dating rebeldeng nagbabalik-loob sa pamahalaan. Patunay dito ang kasalukuyang benepisyong natanggap at maaari pang tanggapin sa ilalim ng programang ECLIP, ilan lamang sa mga ito ay ang mga sumusunod: tulong pinansiyal, livelihood starter kits, TESDA trainings, libreng pabahay, at iba pangresulta ng pinaigting na operasyon, umabot na mga pangunahing serbisyo. Bilang sa 89 CNTs at 36 MB members ang boluntaryong sumuko; 1,023 exploited populace at SFO members na ang nagwithdraw ng kanilang suporta sa CPP-NPA-NDF; 21 High Powered Firearms at 36 Low Powered Firearms na ang narikober; 20 ang nadiskobreng kota ng mga kalaban; 14 na barangay ang pormal at opisyal ng naideklarang ‘CLEARED’ mula sa impluwensiya at apektasyon ng kalaban; 4 ang na co-opt na Sectoral Front Organizations (SFOs); 12,500 board feet ng illegal na putol ng kahoy ang nakumpiska, at; 3 wanted persons na may warrant of arrest na ang naaresto.

Subalit, hindi lamang nakatuon ang pansin ng yunit sa ating mga kalaban. Sinisikap din nitong abutin ang lahat ng mga tao sa buong area of operation (AO). Sa pamamagitan ng patuloy na pagpapanatili ng mabuting ugnayan sa mga partner agencies at stakeholders ay nagawa nitong ipaabot ang mga pangunahing serbisyo sa mga tao. Sa katunayan, sa pamamagitan ng pinaigting na stakeholder engagement ay umabot na sa 1,521 beneficiaries ang natulungan ng 18 isinagawang SINAGTALA Community Pantries; 7 ang nilahukang Serbisyo Caravan; 3 IP Youth Awareness Program ang nailunsad; 18 People’s Organization (POs) ang naerihistro sa Department of Labor and Employment (DOLE); 1 ang matagumpay na nailunsad na Youth Leadership Summit; 1 ang matagumpay na nailunsad na launching ng SAMBAYANAN-Aurora Chapter; 7,500 Tilapia fingerlings ang naipamahagi sa mga People’s Organization (POs); 2,500 Coconut Seedlings ang naipamahagi sa mga POs; 5 ang nafacilitate na BIGASAN Project na nagkakahalaga ng Php366,250.00; nafacilitate ang pagrelease ng farm machineries na nagkakahalaga ng Php1,400,000.00; nafacilitate ang pagrelease ng pondo mula LGU San Luis na nagkakahalaga ng Php150,000.00 para sa bangka, at; 8 ang napirmahang Memorandum of Understanding/Memorandum of Agreement kasama ang ibat-ibang mga ahensiya.

Lahat ng mga nabanggit ay ilan lamang sa mga mahahalagang programa at pagsisikap na ginawa ng 91$^{st}$ Infantry (SINAGTALA) Battalion. Ang lahat ng mga inisyatibong ito ay matagumpay na naisakatuparan sa pamamagitan ng masusing pagpaplano at dedikasyon ng lahat ng mga opisyales at tropa ng yunit. Higit sa lahat, sa pamamagitan ng walang sawang suporta ng nasiyonal, probinsiyal at lokal na pamahalaan, at ng ibat-ibang mga ahensiyang sadyang aktibo sa pagbibigay ng ibat-ibang klase ng suporta sa pamamagitan ng pagpapaabot ng kanilang available resources at capabilities na may malaking epekto sa pagsasakatuparan ng misyon ng yunit. Sa patuloy na pagsusumikap at pagtutulungan ay nagawa ng yunit ang natatangi nitong misyong idismantle ang Kilusang Larangang Gerilya- Sierra Madre (KLG-Sierra Madre) na binigyan ng pormal at opisyal na deklarasyon sa katatapos lamang na National Joint Peace Security Coordinating Council (NJPSCC) na ginanap sa Camp Crame, Quezon City noong ika-05 ng Mayo taong kasalukuyan.

# TULAY SA MASA SA PAMAMAGITAN NG PARTICIPATORY PEACE CAMPAIGN (PPC)



Bilang isang Combat Support Unit (CSU) ng Hukbong Katihan sa Gitna at Kanlurang Kabisayaan, Kinakailangang makagawa ito ng isang makabago't mapamaraang inisyatibo upang sugpuin ang mga Communist Terrorist Group (CTG) na kumakalaban sa ating pamahalaan at nabiktima ng mga inosenteng katuhan upang, hikayatin sila sa sa kanilang mga nakasisirang aktibidad.

Bagaman may mga subok at matibay na Arouse-Organize-Mobilize (AOM) at Ideological-Political-Organizational Schemes ng mga kalaban, Ito ay tinatapatan ng Participatory Peace Campaign (PPC) ng 3CMOBn, 3ID, PA na may layuning tuldokan ang mga pang-aabuso at paninira ng lipunan sa kamay ng mga Terrorista.

Ang PPC ay isang makabagong pamamaran upang makipag-ugnayan sa mga taong may kinalaman o karansan alinsunod sa Executive Order No. 70 o kilala bilang End Local Communist Terrorist Armed Conflict (ELCAC) na nakabatay sa mga Karapatang Pantao at nakaangkla sa mga panlipunang prinisipyong tulad ng Pangkultura, Pampulitika, Pang-ekonomiya, Pangseguridad, at Pang-espiritwal na Karapatan ng bawat mamayan.



Ito ay nabuo upang higitan at kalabanin ang mga propaganda ng mga tulisan sa pamamagitan ng mga kompanyang hinihikayat ng pagsuporta mula sa mga komunidad na nasa mga siyudad o poblasyon, gayundin ang pagpapalawak ng kaalaman ng mga mamamayan at pagtatag ng Whole of Nation Approach para sa mga kaisipang nakasaad sa Isolate-Mitigate-Rehabilitate (IMR) ng Preventing and Countering Violent Extremism (PCVE).

Hinihikayat nito ang ibat-ibang bahagi ng lipunan tulad ng mga NGO, CSO, mga organisasyong pangrelihiyon, at iba pang nabiktima ng CPP-NPA-NDF, gayundin ang mga nagbalik-loob na mga rebelde upang ipangaral sa lahat ang kanilang mga karanasan at ipalaganap ang mga layuning nakasaad sa EO 70 o ang ELCAC sa bawat sekta at sa bawat tao at organisasyong napapabilang sa mga ito.

Sa pakikipagtulungan kasama ng Iloilo Provincial Police Office, SAMBAYAN-Metro Iloilo, DILG at Municipal TF-ELCAC, matagumpay na nailunsad ang PPC sa mga munisipalidad ng Oton, Pavia at Leganes sa naturang probinsya na may tungkulaing tuligsain ang mga tagapangasiwa at mga kasapi ng mga progresibong grupo na kumakalaban sa pamahalaan dito sa Panay upang hindi mamayagpag ang kanilang mga propaganda.

Noong ika 29 April 2021, kasalukuyang taon, ang mga CMO Operators ng hukbong ito ay nagsagawa ng unang Participatory Peace Campaign (PPC) sa Brgy Nabitasan, Leganes, Iloilo na nasa ilalim ng Konseho ni Kgg. Donardo Gustilo, Barangay Chairman, Ito ay isinagawa sa pangunguna ni LTC ROMMIL R ABAYON INF (GSC) PA, Commanding Officer, at sa pakikipag-ugnayan sa Iloilo Provincial Police Office sa ilalim ni PLTC ROMAR PERIGIL, PCADU, SAMBAYAN-Metro Iloilo sa programa ni Ginoong Rey Cachuela, LGU Leganes sa pamumuno ni Kgg. Rodeto Jinon, SB Member, at PMAJ ROY TAYONA, Chief of Police, Leganes MPS.

Bilang mga dating kasapi ng mga tulisang grupo, ksabay na rin ng kanilang pagsisi sa pagiging mga biktima ng mga naturang grupo, naglahad si Ginoong Cachuela at sampung pang kasamahan sa SAMABAYANAN-Metro Iloilo ukol sa mga mapanlinlang na CTG Legal Front Organizations na may layuning sirain ang katuhan ng kanilang nabibiktima sa pamamagitan ng pagbibigay ng diin sa mga isyung panlipunan upang makahikayat ng mga tauhan sa kanilang mga pangkat gamit ang kanilang AOM at IPO na pamamaraan.

Bago man lang naipatupad ang PPC, napatunayang mabisa ito sa pagpapakalat ng kaalaman sa mga komunidad lalo na sa mga apektado ng CTG at sa mga kilalang tauhan nito. Kalakip nito ay ang pangkapayapaang programa ng pamahalaan na tutugon sa mga pangangailangan ng mga nagbalik loob sa pamayanan lalo na ang Enhanced-Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) na ginagawa sa kasalukuyang panahon.





# KAGULUHA'T KAHIRAPAN TALIKURAN PARA SA BAYAN

Ang Hukbong Katihan ay binubuo ng mga sundalo na kinabibilangan ng mga kababaihan at kalalakihan. Ito ay para sa kapayapaan at kaunlaran ng ating bansa, na armado ng ibat ibang kasanayan at tunay na kakampi at kapanalig nating lahat. Ang bawat sundalo ng Hukbong Katihan ng Pilipinas ay nagsisilbi na ma'y dalawang (2) layunin. Una ay depensahan ang ating bansa sa lahat ng uri ng banta sa seguridad, sa loob man o sa labas ng ating bansa. Ikalawa at maging kaagapay sa kaunlaran; sa patuloy na pagbibigay serbisyo publiko. Palaging handa ang Hukbong Katihan sa pagtupad sa tungkulin upang harapin ang malaking hamon para sa kaunlaran at kapayapaan ng ating bayan.

Ito rin ay nagsasagawa ng ibat-ibang programa na naglalayon na isulong ang pagbabago sa kaniyang hanay, at isa na nga dito ang Army Transformation Roadmap o ATR. Sa pamamagitan ng ATR, isinusulong ang pagbabago sa ilalim ng Army Governance Pathway (AGP). Ang AGP ang siyang naging gabay upang masiguro na maisulong at maipalaganap ang propesyonalismo sa hanay ng Hukbong Katihan ng Pilipinas, upang ganap na mapag-lingkuran at maprotektahan ang sambayanang Pilipino sa kabila ng mga samut-saring pag-subok bunsod ng kalamidad at problemang pangseguridad ng ating bansa.

Ang pagbabago ay dahan-dahan na nating nakakamit, dahil sa suportado ito ng ating mga kababayan, tulad na lamang ng bumubuo ng Philippine Army Multi-Sectoral Advisory Board (PA-MSAB). Mga tagapayo mula sa ibat-ibang sangay ng ating pamahalaan at komunidad na ang tanging hangad ay magkaroon ng tunay na pagbabago sa hanay ng Hukbong Katihan; na kung saan ay atin ng nasasaksihan ang karangalan, katapatan sa katungkulan hindi lamang sa salita kundi sa pamumuhay ng bawat sundalo.

Napapalakas nito ang kapasidad ng pambansa at lokal na pamahalaan upang epektibong matugunan ang mga isyung panlipunan at pang ekonomiya, at mapagibayo ang kakayahan ng mga bawat kumonidad na labanan ang karahasan, at maging bahagi sa pagsusulong ng kapayapaan at kaunlaran upang epektibong matugunan ang usapin ng problema sa insurhensiya, upang makatulong sa pagtataguyod ng kultura para sa kapayapaan ng bawat pamayanan na apektado at nadadamay sa tunggalian; sa pagitan ng ating pamahalaan na binubuo ng sundalo at kapulisan, laban sa teroristang NPA o iba pang grupo, na naghahasik ng kaguluhan at takot sa ating mga kababayan.

Ito ang mga panungunahing layunin ng isinagawang Local Peace Engagement (LPE) sa lalawigan ng Rizal, na pinamunuan ng National Task Force To End Local Communist And Armed Conflict (NTF-ELCAC), bilang pagtalima sa kautusan ng ating Pangulong Rodrigo Roa Duterte, na naglalayong tapusin ang insurhensiya sa ating bansa. Layon din nito na maipaabot ang lahat ng mga pangunahing serbisyong kinakailangan ng mga Pilipino at pagbuo ng istratehiya at mga pamamaraan upang tuluyan ng alisin ang pangingibabaw ng karahasan dala ng Komunistang Teroristang Grupo, upang maisulong ang isang malawakang kapayapaan sa pamamagitan ng "Whole of Nation Approach" at pagpapatupad ng Executive Order No. 70.

Naging matagumpay ang isinagawang Local Peace Engagement (LPE), na pinasinayaan ng National Task Force To End Local Communist And Armed Conflict (NTF-ELCAC), katuwang ang 80th Infantry (STEADFAST) Battalion, sangay ng 2nd Infantry (JUNGLE FIGHTER) Division Ng Philippine Army, na nakahimpil sa Sitio Galaxy, Brgy Pinugay, Baras, Rizal, nagsimula nuong nakalipas na ika-12 ng Abril na nagtapos ika-17 ng nasabi ring buwan ng taong kasalukuyan na umabot sa 84 na residente ng Barangay Calawis, Antipolo City, Rizal, ang mga nagwithdraw ng suporta sa teroristang NPA.

Ang mga personalidad na ito ay kasapi bilang organisadong masa sa kanayunan, samantala ang iba pa ay naging regular na miyembro ng samahan ng komunistang teroristang grupo, na ngayun ay nagsipagbalik loob sa pamahalaan at tuluyang iwinaksi ang kanilang suporta at kasalukuyang nakikipagtulungan sa ating pamahalaan.

Ito ay resulta ng mga serye ng pakikipag-ugnayan at dayalogo sa pangunguna ng NTF-ELCAC, sa pamamagitan ng LPE, sa mga pinuno at kawani ng pamahalaan ng panlalawigan ng Rizal, Local Government Unit at sangay ng mga pamahalaang pang barangay sa probinsya ng Rizal, katuwang ang pamayanan mula sa mga lugar na tinatawag na Geographically Isolated and Disadvantage Areas (GIDAS). Ito ang pamayanang nasa malalayo, liblib at bulubunduking bahagi ng Sierra Madre, na karamihan ay kinabibilangan ng mga katutubong dumagat at remontado, na kung saan sila ay naninirahan na kalimitang biktima ng tungalian o naiipit sa mga labanan ng sundalo laban sa mga komunistang teroristang grupo ng dahil sa takot at kakulangan ng sapat na kaalaman sa ipinaglalabang maling idolohiya at maling indoktrinasyon ng NPA; sa pamamagitan ng mga propaganda laban sa pamahalaan, na kung saan ang iba ay na rerekruit at napapaniwala, upang magalit at mag alsa at humawak ng armas at tuluyang napapasapi sa komunistang teroristang grupo.

Ang mga tumiwalag ngayon ay nag-kaisa upang tapusin ang pakikipag-ugnayan sa maka-kaliwang grupo at tuluyang talikuran ang mali na kanilang nakagisnan. Sila ngayon ay namulat na sa kung ano ang tama at nagising sa katotohanan, na walang mabuting maidudulot ang kanilang ipinaglalaban, bagkus ito ay walang maitutulong para sa kapayaan, kapanatagan sa buhay at kaunlaran na kanilang inaasam-asam.

Naging tampok sa mga gawain habang sila ay nasa piling ng kinatawan ng NTF-ELCAC, ay ang mga sumusunod: psychosocial rehabilitation, pakikinig sa mga testimonya ng pag-papatotoo ng mga dating kasapi ng komunistang teroristang grupo, pag-lalatag ng mga programa mula sa ibat-ibang ahensya tulad ng Department of the Interior and Local Government (DILG), Department of Justice (DOJ), Department of National Defense (DND), Department of Public Works and Highways (DPWH), Department of Budget and Management (DBM), Department of Agrarian Reform (DAR), Department of Social Welfare and Development (DSWD), Department of Education (DepEd), National Economic and Development Authority (NEDA), National Intelligence Coordinating Agency (NICA), Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), Presidential Adviser on the Peace Process (OPAP), National Commission on Indigenous Peoples (NCIP), Armed Forces of the Philippines (AFP), Philippine National Police (PNP), Presidential Communications Operations Office (PCOO), na kung saan ay naibahagi sa kanila sa pamamagitan ng punong barangay ang mga programa sa ilalim ng Barangay Development Plan (BDP), na kung saan kanilang lubos na naunawaan at naintindihan ang mga mensahe at paliwanag ng mga naging panauhing tagapag-salita. At mula naman sa panig ng ating mga kababayan ay naiparating nila ang kanilang mga saloobin at hinaing, naipaabot ang kanilang mga pangunahing problema sa kanilang pamayanan, na ito ay kaagad na tinugunan at binigyan pansin upang maresolba ang ugat ng insurhensiya sa kanilang pamayanan. Ang Local Peace Engagement ay isang magandang istratihiya ng ating pamahalaan alinsunod sa EO No.70, na kung saan ay marami pang mga inosenteng mamamayan na nasa liblib ng kabundukan, na ngayun ay dahan dahan ng naliliwanagan at nakikipag-kaisa sa ating pamahalaan, hindi lamang sa lalawigan ng Rizal maging sa mga barangay ng karatig probinsya tulad ng Quezon at Bulacan. Tayong lahat ay may obligasyon na dapat gampanan. Hindi ito laban lamang ng ating mga kasundaluhan at kapulisan, tayo ay may magagawa, sa pamamagitan ng inyong pakikiisa sa lahat ng sangay ng pamahalaan. Ito ay ating mapapagtagumpayan sa sama-sama nating pag-kakaisa, sa patuloy na pagtataguyod ng kapayapaan, katahimikan at katiwasayan sa ating mga lugar, sa pakikipagtulungan sa ibat ibang kagawaran ng gobyerno at sa ating mga kasundaluhan at kapulisan; para tuluyan na nating makamit ang katahimikan at kapayapaan ng ating bansa.

# SANDIWA Troopers: PAG-ABOT SA LAYUNUN NG UNIT

Ang **SANDIWA troopers** ay nagtagumpay sa pagnutralisa ng PLTN JAPSON, SRMA4B, STRPC dahil sa matagumpay na mga engkuwentro, na syang dahilan ng pagkakasupil ng mga lider at pagkabuwag ng strukturang politiko-militar ng nasabing grupo. Dagdag pa dito, marami sa mga mamamayan na ngayo'y nakikipagtulungan upang mapuksa ang teroristang New People's Army (NPA) o Bagong Hukbong Bayan sa kanilang nasasakupan.

Naging epektibo din ang inilunsad ng nasabing yunit na pamantayan o best practice sa pagsasampa ng kaukulang reklamo o demanda sa lahat ng mga tagasuporta, at mga nagbibigay tulong sa mga terroristang NPA. Dahil ditto, mismong mga mamamayan na ang nag tataboy sa mga armadong NPA.

Sa pamamagitan ng epektibong pagpapatupad ng Executive Order number 70, NTF-ELCAC, ang mga mamamayan at mga lokal na opisyal sa area ng 85IB ay naki pagtulungan sa layuning pang kapayapaan ng gobyerno. Dahil dito, 903 na barangay at 27 munisipyo na ang nagdeklara ng Persona-Non-Grata laban sa mga teroristang NPA, na sya namang naging dahilan ng sunod-sunod na pagsuko ng mga Milisyang Bayan (MB) at mga regular na kasapi ng NPA.

Ang Military Focused Operation ng 85IB ay nag resulta ng 21 matagumpay na engkwentro at pagkaka samsam ng 34 na armas, mga bala, pagsuko at pagkanutralisa ng mga kasapi ng teroristang NPA. Ito na rin ang naging dahilan upang mas lalo pang tumaas ang tiwala ng mamamayan sa gobyerno at kasundaluhan na nagbunsod sa kanilang pakikipag-kooperasyon. Dagdag pa dito, sa tulong na din ng Task Force Ending Local Communist Armed Conflict, 23 na full time na miyembro, 29 Milisyang Bayan (MB) ang sumuko sa 85IB. Dalawa (2) dito ang may dalang armas mula sa teroristang NPA at ang pagka-reorganisa ng 82 na mga samahan o organisasyon sa tulong ng Community Support Program Teams ng yunit at ng lokal na pamahalaan na nasasakupan.

Batay sa pagsusumikap ng yunit, napatunayan natin ang pagmamalasakit ng mga mamamayan, lokal na opisyal at iba pang ahensya ng gobyerno upang makamit ang kapayapaan at kaunlaran sa probinsya ng Quezon.







Recovery of FAs thru encounter at Sitio Bayabas, Brgy Bulo, Mulanay, Quezon

# ANG TUNAY NA KAPAYAPAAN SA PAGGAMIT NG EO 70 SA PROBINSYA NG ABRA AT ILOCOS NORTE

## Operation Tuli at Libreng Gupit sa Brgy Taripan, Malibcong Abra

Tinatayang humigit kumulang sa dalawampung indibidwal ang nabiyayaan ng libreng tuli at mahigit tatlumpong indibidwal naman sa libreng gupit. Ang mga benepisyaryo ay mga bata mula sa Tribu ng Banao sa mga sumusunod na barangay: Poblacion, Taripan, Duldulao, at Gacab. Sa kanilang kagustuhan na makasama sa mga libreng serbisyo ang mga bata kasama ang kanilang mga magulang ay pumila ng maayos at matiyagang naghintay hanggang sa nagsimula ang Operation Tuli. Ito ay sinimulan sa pamamagitan ng rehistrasyon at pagpirma sa boluntaryong pagpayag ng mga magulang na ang kanilang anak ay sasailalim sa pagtutuli sa pamamagitan ng tinatawag na Aseptic technique. Para sa mabilis na paggaling ng sugat at maiwasan ang anumang komplikasyon, naghandog din ng libreng gamot sa mga pasyente.







**Send-off Ceremony ng Community Support Program (CSP) Team sa Munisipalidad ng Malibcong, Abra**

"Ang kailangan ng mga CSP Teams dito sa ating bayan ay ang suporta nating mga opisyal ng lokal na pamahalaan. Sila ang tutulong sa atin upang tuluyan ng mawala ang mga Komunistang Teroristang Grupo dito sa ating lugar. Hinihiling ko ang inyong suporta at kooperasyon tungo sa pag-unlad ng bayan ng Malibcong."

Ang layunin ng nasabing aktibidad ay upang masiguro na ang mga CSP Teams ay buong puso na tinatanggap at pinapayagan na magsagawa ng Community Support Program sa mga naturang conflict affected areas.

Ang mga layunin ng CSP Team na itatalaga sa iba't ibang barangay ng Malibcong, Abra at binigyang diin niya na ang pagiging isang ELCAC barangay o Conflict Affected barangay ay nangangahulugan ng pagkabigo ng pamamahala. "Hinihiling namin ang pag-tanggap niyo sa ating mga kasundaluhan at kapulisan dito sa bayan ng Malibcong, nandito kami upang tulungan kayo sa mga isyu ng insurhensiya sa inyong lugar. Makaka-asa kayo na ang 24IB kasama ang mga kapulisan ay gagawin ang lahat upang matulungan ang pag-unlad ng inyong bayan."

## Ang tunay na kapayapaan sa paggamit ng EO 70 sa Probinsiya ng Abra at Ilocos Norte

Ang institusyonalisasyon ng Whole-of-Nation Approach, sa pamamagitan ng paglikha ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC), ay patuloy na nakakakuha at nanalo laban sa CPP-NPA Terrorist sa Probinsiya ng Abra at Ilocos Norte.

Nilayon ng Executive Order ni Pangulong Rodrigo Duterte na No. 70 na tugunan ang mga pangunahing sanhi ng insurhensya upang wakasan ang lokal na armadong tunggalian sa kanayunan.

Ayon kay, Brigadier General Krishnamurti Mortela PA, Commander ng 702 Brigade, ang Communist Party of the Philippines-New People's Army ay labis na nasaktan sa makabuluhang resulta ng EO 70, kaya't, desperado na silang nagtatayo ngayon ng isang bukal ng mga kasinungalingan at paggawa ng kuwento upang masira ang paghimok ng mamamayan laban sa pag-aalsa.

"Nilalayon ng EO 70 na makamit ang tunay na kapayapaan. Ang pagdidiskrito sa EO 70 ay tulad ng pagtanggi sa kapayapaan.

Idinagdag niya "Para sa mga hindi ganap na may kamalayan sa Executive Order na ito, malaya mong mabubuksan at mabasa ang nilalaman nito sa pamamagitan ng mga mapagkukunan sa online."

Hinimok din ni Mortela ang mga pinuno at kasapi ng Terorista ng CPP-NPA na lantarang pinapahamak ang EO 70 upang basahin ang nilalaman nito upang sila ay maliwanagan.

"Sa EO 70, pinagsasama-sama ng mga ahensya ng gobyerno ang kanilang mga pagsisikap patungo sa paghahatid ng mga kinakailangang serbisyo upang matanggal ang mga isyung panlipunan na pinagsasamantalahan ng mga grupong komunista. Gayundin, ang pag-alok sa CPP-NPA Terrorist ng bago at payapang buhay na ang malisya at patuloy na tumatanggi sa kapayapaan ay bahagi ng pinagsama-samang pagsisikap na ito, ngunit ang mga ito at kaunlaran. Ipinapakita nila ngayon ang kanilang pagkakakilanlan bilang tunay na kalaban ng kapayapaan at pag-unlad," dagdag aniya.

Isa sa makabuluhang resulta ng EO 70 ay ang paglikha ng Task Forces to End Local Communist Armed Conflict (TF-ELCAC) ng iba`t ibang Local Government Units sa Probinsiya ng Abra at Ilocos Norte na humantong din sa pagdeklara ng CPP-NPA bilang persona non grata.






Nasasaktan at natatalo na ang mga teroristang CPP-NPA dahil sa taong bayan mismo ang umaayaw sa kanila. Binabaliktad nila ang tunay na sitwasyon kung saan sila bumabagsak ngayon at humihina ang lakas. Hindi nila kayang banggain ang pinagsanib na pwersa ng mga ahensya ng gobyerno at ng taong bayan na nagkaisa para sa isang layunin na mapuksa ang kanilang deka-dekadang pagmamalupit at pagpapahirap sa sambayanang Pilipino. Kung meron mang patuloy na nakakaapekto sa buhay ng mamayang Pilipino ay wala ng iba kundi ang CPP NPA. Magising nawa sila sa panawagan ng mga mamamayan kung tunay na silang makatao," diin ni Mortela.

Dagdag pa niya "Hindi mo maaaring tanggihan ang katotohanang natatakot ka sa EO 70. Ang iyong desperado at duwag na kilos na mapanirang-puri sa gobyerno at pagsisikap ng kapayapaan ng mga tao ay isang halatang tanda na ikaw ay nabagabag at nanganganib. Ang maligning EO 70 ay tulad ng pagtanggap ng pagkatalo. At, dahil nakukuha at nananalo kami, hindi kami magpapahinga sa aming kakayahan upang mapanatili ang aming tagumpay laban sa iyo. Hinahamon din kita na lumabas at isama kami sa isang pampublikong debate, at hayaan ang mga tao na magpasya kung sino ang nagsasabi ng totoo. "

Nanawagan din si Mortela sa iba pang mga LGU at lokal na punong ehekutibo na magbigay ng pahiwatig mula sa mga lalawigan, lungsod, at bayan na matapang na lumalaban laban sa Terorista ng CPP-NPA sa pamamagitan ng pagdedeklara sa kanila ng persona non grata.


"Ang pagtanggi na ideklarang hindi tinatanggap ang mga komunista-terorista ay tulad ng pagsuporta sa kanilang mga gawaing terorista. At, ang pagsuporta sa teroristang grupong ito ay isang pagtataksil sa pagtitiwala ng publiko," aniya.

Iginiit muli ng Commander ng 702 Brigade ang kanyang paalala sa mga pinuno at kasapi ng CPP-NPA na seryoso ang puwersa ng gobyerno sa pagtupad sa kagustuhan ng mga tao na wakasan ang insurhensya.

"Sinasanay kami na maging laging handa. Ang iyong mga kasinungalingan at gawa-gawa na kwento ay pumukaw sa amin upang labanan ka nang husto. Nasa masamantalang landas kami, kaya asahan ang mas pinaigting na operasyon ng labanan laban sa iyo. Tulad ng sinabi ko dati, dalawa lang ang pagpipilian mo, pagsuko o mamatay".

Gayundin, hinimok niya ang mga tao sa Probinsya ng Abra at Ilocos Norte na suportahan ang EO 70 at maging bahagi ng paglalakbay ng buong bansa tungo sa pagkamit ng tunay na kapayapaan at kaunlaran.





# LAANG KAWAL: KAAGAPAY SA KAUNLARAN AT KAPAYAAN




Ang *Philippine Army Reserve Component* ay isa sa iba't ibang bahagi ng gobyerno na nakikibahagi sa layunin ng Executive Order Number 70 (EO 70) na wakasan ang *Communist Insurgency* sa bansa sa pamamagitan ng Whole-of-the-Nation Approach. Sa papamagitan ng batas na ito, nagkaroon ng malinaw na papel ang bawat ahesya ng gobyerno laban sa insurgency, kasama na ditto ang mga ahensya na nakatututok sa ekonomiya, edukasyon at social services.

Ang misyon ng AFP at ng gobyerno ay ang panatilihin ang kaayusan sa bansa, at kaagapay ng ating Hukbong Sandatahan sa pagsulong nito ay ang ating magigiting na myembro ng PA Reserve Component na boluntaryong naseserbisyo para sa bayan sa tuwing oras ng pangangailangan, tulad ng mga kalamidad. Noong 2017, unang beses na na-mobilize ang PA Reservists upang magbigay ng dagdag na tulong noong kasagsagan ng Marawi Siege. At nito lamang nagkaroon ng pandemya, libu-libung Reservists ang boluntaryong tumulong sa gobyerno sa pagpapatupad ng lockdown measures at pamimigay ng mga relief goods sa mga nangangailangan. Ang kanilang serbisyo ay tumutulong na siguraduhin ang seguridad ng mga komunidad. Sa pamamagitan rin ng kanilang serbisyo ay naipaparating ng gobyerno ang tulong nito sa mamamayan, at nakakatulong na maiwasan ang pagkalat ng mga haka-haka mula sa communist insurgent groups na hindi nagbibigay ng tulong ang gobyerno upang hikayatin ang mga tao na sumali sa kanilang grupo.

Isa din sa mga programa ng Opisina ay ang papapalawak ng impormasyon sa publiko tungko sa mga aktibidades ng ating PA Reservist, ROTC, Commissionship, Incorporation bilang parte ng *Reserve Force Development Program* gamit ang social media sites, movie theaters, TV stations, Flyers at DVD copies na ipinapamahagi sa mga PA Major units at ROTC units na nakapaloob sa *Strategic Communications (STRATCOM) Plan* kung saan ay isang mabisang paraan ng komunikasyon at magbigay ng inspirasyon at babala sa mga nagbabalak na umanib sa makakaliwang grupo. Sa pangkalahatan, ang ating mga laang kawal ay kaagapay sa pagpapanatili ng kaunlaran at kapayapaan ng bansa.

Sa mga unang taon ng pagpapatupad ng EO 70, Malaki ang nagging kontribusyon ng Army Reservists na sina Robin Padilla at Matteo Guidicelli upang ipaalam sa mga kabataan at ating mga kapatid na Muslim ang iba't ibang programang pangkapayapaan ng pamahalaan.

Marami ng programa ang nagawa ng Army Reserve Force para sa ating mga Reservist upang maging mas kapakipakinabang sila sa ating bansa gaya na lamang ng paglalagay ng mga *Regional Community Defense Group (RCDG)* na ngayon ay may labin limang (15) aktibong RCDGs na itinatag sa iba't ibang parte ng bansa ng *Army Reserve Command (ARESCOM)* alinsunod sa Seksyon 9 ng Batas ng Republika (RA) 7077 o ang *"Citizen Armed Forces of the Philippines Reservist Act".* Ang isang RCDG ay binubuo ng Regular Force at Reserve force na magkasama sa pagpapanatili ng kaunlaran at kapayapaan sa isang rehiyon.

Mula noon hanggang ngayon, patuloy na pinapalakas ng Philippine Army ang Reserve Component nito upang siguraduhin na magampanan nito ang *four-fold mission: 1) Provide the base for expansion of the AFP in the event of war or national emergencies; 2) Assist in relief and rescue during disasters and calamities; 3) Assist in socio-economic development; and 4) Assist in the operations of essential government or provate utilities in the furtherance of the overall mission.*



**Meron ka bang nais ipahayag na kontribusyon patungkol sa Army Transformation Roadmap o ATR?**

Kasalukuyang tumatanggap ang patnugutan ng JUAN**ARMY** ng mga artikulo para sa susunod nitong isyu. Ang mga artikulo ay bubuuin ng mas maiksi sa 1,000 salita at naayong nakasulat sa wikang Filipino. Ang mga patnugot ay inaanyayahan na magbigay ng mga larawan kalakip sa mga isusumiteng artikulo. Maari din na magpasa ng mga komiks, *caricatures* at iba pang malikhaing gawa na nakaugnay sa **ATR.**

Maaring magsumite sa Army Governance and Strategy Office (AGSMO), Philippine Army, Fort Bonifacio, Metro Manila (FBMM) o sa atr.publication@gmail.com.